**888-KEY-2-FREE**

**(888-539-2373)**

# APIHTTF:

# What We Do

Kabilang sa mga serbisyong binibigay ng APIHTTF ay ang mga sumusunod:

**Case management:**

- Mga benepisyong binibigay ng Gobyerno
- Mga opsyon sa Pabahay
- Mga Sosyal at mga Pantaong Benepisyo

**Mga Legal na Serbisyo:**

- Mga Immigration Relief (e.g.T-Visa), Civil Lawsuits, and Administrative Claims para sa Diskriminasyon at Hindi Pagbabayad ng mga Sahod

**Mga Mental at Pang-kalusugang serbisyo:**

- Pagtukoy at paggamot ng mga kondisyon at kalagayan ng kalusugan ng pag-iisip o mental (halimbawa. depresyon, Post Traumatic Stress Disorder, anxiety o pangangamba)

Mga Opisina o Ahensya na Nagbibigay ng Tulong Pinansyal Para sa mga Biktima ng Krimen :

Thai Community Development Center (Thai CDC)
Pacific Asian Counseling Services (PACS)
Asian Pacific AIDS Intervention Team (APAIT)
South Asian Network (SAN)
Legal Aid Foundation of Los Angeles (LAFLA)
Coalition to Abolish Slavery and Trafficking (CAST)
Korean American Family Services (KFAM)
Asian Americans Advancing Justice (AAAJ)

**Iba pang mga Ahensya:**

Crittenton Services for Children and Families U.S. Department of Labor-Wage and Hour Division
Faith and Community Empowerment
Los Angeles District Attorney's Victim Services LA City Transgender Advisory Council
Pilipino Workers Center (PWC) International Institute of Los Angeles(IILA)

A3PCON

ASIAN PACIFIC POLICY & PLANNING COUNCIL

## Asian Pacific Islander Human Trafficking Task Force



# APIHTTF

# Kung sa tingin mo ay maaring biktima ng human trafficking ang isang indibidwal, tumawag sa CAST anti-trafficking 24-hour hotline: 888-KEY-2-FREE (888-539-2373)



## What is Human Trafficking?

Ayon sa Trafficking Victims Protections Act (TVPA), ito ay yaong "malubhang anyo ng pagta-trapiko ng mga tao" tulad ng mga sumusunod:

- **Sex trafficking** na kung saan ay kinakalakal o ginagawang komersyal ang akto ng pagse-sex nang pwersahan, may pandaraya o panlilinlang at pamimilit sa biktima; o kaya ay
- **Labor trafficking** ay ang pagkuha ng isang indibidwal upang magtrabaho sa pamamagitan ng paggamit ng dahas, panloloko o panlilinlang.

Ang biktima ng human trafficking ay maaaring mangyari sa isang indibidwal anuman ang kanyang lahi, edad o kasarian.

## Pagkilala sa Isang Posibleng Biktima

May mga senyales o "red flags" sa pagkilala o pagtukoy sa isang posibleng biktima::

- Ang kilos ay hindi mapakali, natatakot o laging nangangamba o may paranoya at umiiwas na tumingin sa tao
- Hindi maipaliwanag na pagkakarppn ng mga pasa, peklat o may mga tattoo bilang bahagi ng "pagtukoy" o "branding " ng mga trapikers o umaabuso sa kanila
- Walang anumang paraan para makilala (passport, immigrant bias, social security card, ID mula sa Estado o lisensya ng sasakyan o behikulo)
- Natatakot sa mga nagpapatupad ng batas
- Hindi makaalis sa trabaho o bahay
- May mga sinaulong sagot sa mga tanong
- Lumalabas sa publiko ng laging may kasama
- May mga utang dahil sa bayad sa pagbyahe o iba pang mga gastusin
- Maraming kasamang ibang tao na nakatira sa isang maliit na lugar
- Walang kontrol sa kanyang kita o pera
- Nagtatrabaho ng sobrang mahabang oras
- Hindi binabayaran o tumatanggap lamang ng maliit na sahod

## Mga Dapat Gawain

Kung may pagkakataong makausap ang biktima nang sarilinan, maaaring tanungin ang mga sumusunod:

- Maaari mo bang iwanan ang iyong trabaho o tinutuluyan sa anumang oras?
- Ikaw ba o ang iyong pamilya ay tinatakot?
- Takot ka ba sa iyong amo o employer?
- Kinuha ba ang iyong Pasaporte o ID pagdating mo dito?

**Kasama sa serbisyo ang mga sumusunod na wikang API:**

Thai
Khmer
Bangla
Hindi
Japanese
Nepali
Korean
Vietnamese
Tagalog
Urdu
Chinese (Mandarin/ Cantonese)
Gujarati